



UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA

WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan
Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL K

Introduksiyon

Matututunan mo sa modyul na ito ang mga usaping lokal na nakaaapekto sa wikang Filipino. Ang unang usapin ay ang kalagayan ng iba pang wikang katutubo sa bansa. Susundan ito ng kalagayan palising pangwika sa edukasyon at kung paano ito nakaaapekto sa wikang Filipino.

Mga Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul K, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapagpapakita ng kamalayan sa kahalagahan at kasalukuyang kalagayan ng mga wika sa Pilipinas at
2. Makapagpaliwanag ng papel na ginagampanan ng palising pangwika sa pagkatuto at pangkalahatang edukasyon sa Pilipinas;
3. Makagagawa ng pag-uulat tungkol sa pananaliksik sa implementasyon ng palising pangwika.

Ang Wikang Filipino sa Iba Pang Wikang Katutubo

Natutunan mo sa mga naunang modyul na ang diversidad na nililikha ng pagiging multi-etniko at multi-linggwal ng Pilipinas ay patunay na marami pang dapat pag-aralan at suriin tungkol sa ating kultura at lipunan. Sa kasalukuyan, may higit sa 180 na wika sa bansa. Ngunit ano ang estado ng mga wikang ito? Noong 2018, iniulat ng Komisyon ng Wikang Filipino na may humigit kumulang na 40 katutubong wika ang nanganganib na mawala o tinatawag na endangered languages.

Gabay sa Gawain A

1. Basahin mo ang sanaysay na *Thirty Endangered Languages in the Philippines (2003)* ni Thomas N. Headland.
2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:

- a. Ano ang ibig sabihin ng nanganganib na wika o endangered language?
- b. Ano-ano ang mga dahilan kung bakit nanganganib o namamatay ang isang wika?
- c. Ano-ano ang mga salik ang dahilan kung bakit nasabing nanganganib ang Casiguran Agta?

Ipinapaliwanag ni Headland (2003) na ang isang malaking kawalan ang mga namatay na wika, at maging ang mga nanganganib na wika. Problematiko ito para sa linggwistik na diversidad ng bansa. Maraming salik na nakaaapekto sa pagkamatay ng mga wikang katutubo, kabilang ang migrasyon, urbanisasyon, pagkawala ng tirahan dahil sa digmaan, at iba pa. Kadalasan ang mga dahilan ay higit pa sa usaping pangwika, kundi sumasapol sa isyu ng globalisasyon at katarungang panlipunan.

Gabay sa Gawain B

1. Basahin mo ang *Ang Pagliligtas sa mga labi ng Ayta Magbukun* (2018) ni Chad de Guzman.
2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, SAGUTIN mo ang sumusunod:
 - a. Ano-ano ang dahilan kung bakit itinuturing na nanganganib na wika ang Ayta Magbukun?
 - b. Ano ang proyektong isinagawa para iligtas ang wikang ito? Ano sa tingin mo magiging sulirarnin ng proyektong ito?
3. Nabalitaan mo na ba ang Project Marayum? Magsasaliksik ka tungkol sa proyektong ito. Bakit mahalaga ang proyektong ito?

Ang Wikang Filipino at ang Mother Tongue-based Multilingual Education (MTBMLE)

Noong 2009, inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon ang DepEd Order 74, series of 2009 o ang bagong palising pangwika na kikilalanin bilang Mother Tongue-based Multilingual Education (MTB MLE). Pinalitan nito ang 35 taong implementasyon ng Bilingual Education Policy (1974) na nagtalaga sa Filipino bilang wikang panturo sa lahat ng subject, maliban sa English, Math, at Science.

Naging mabilis ang mga reaksiyon laban sa bagong palising pangwika. Umangat ang pangamba ng paghina ng ating mga estudyante sa kakayahan sa Ingles, Math, at Science. Baka rin hindi maging globally competitive ang bansa kung sisimulan ang pagkatuto sa wikang lokal. Ngunit ano nga ba ang MTBMLE at ano ang dahilan ng institusyonalisasyon nito?

Gabay sa Gawain C

1. Panoorin mo ang “Don’t English Me!” (2009) Dokumentaryo ni Howie Severino.
2. Pagkatapos panoorin ang dokumentaryo, pag-isipan mo ang sumusunod:

a. Magaling ba talaga tayong mag-Ingles? b. Ano ang karanasang pangwika ng Lubuagan Elementary School sa Lubuagan, Kalinga? 3. Basahin mo ang <i>The Language of Learning: Mother Tongue-based Multilingual Education in Tongue-based Multilingual Education in the Philippines</i> (2010) ni Celeste Ann Castillo Llaneta. 4. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod: a. Ano ang MTB MLE bilang palising pangwika ng DepEd? b. Ano-ano ang naging kahinaan ng Bilingual Education Policy? c. Ano-ano ang mga panukalang batas na kontra Filipino?	
Gabay sa Gawain D	
Maghandang makinig at makilahok sa pag-uulat ng pangkat. Nakapaloob sa ulat ang isang maikling pagsusulit para sa mga hindi kasapi ng pangkat. Maghanda sa pagsusulit na inihanda ng pangkat. Saklaw ng pagsusulit ang mga sanaysay sa modyul na ito.	
Uri ng maikling pagsusulit: MCQ, Short answers	
Puntos ng maikling pagsusulit: 10pts	
Format ng Pangkatang Pag-uulat: 30 mins max (hindi kabilang ang pagsusulit), <i>onsite</i>	
Rubrik ng Pagpupuntos para sa Pangkatang Pag-uulat (10pts):	
Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain:	
Partisipasyon ng lahat ng miyembro	1pt
Obserbasyon ng batayang format	1pt
Malikhaing presentasyon ng mga idea:	
Kawili-wiling format ng pag-uulat	1pt
Malikhaing biswal na presentasyon	1pt
Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:	
Pagtugon sa lahat ng katanungan	1pt
Lohikal at may basehan na papapaliwanag	2pts
Malinaw na paggamit ng wika:	
Ispontanyong pag-uulat	2pts
Malinaw at magaan na wika	1pt

Pangwakas

Humaharap ngayon ang wikang Filipino at iba pang wikang katutubo sa matitinding hamon at pagsubok. Ang kalagayan ng mga nanganganib na wika at maging ang mga patay na wika ay tumutukoy din sa estado ng minorya sa bansa. Ang mga problemang hinaharap nila bilang komunidad ay ramdam maging sa wika. Kaya napakahalaga na magtagumpay ang mga proyekto at palising pangwika na aagapay at susuporta sa mga katutubong wika dahil mayroon ito direktang ugnay sa mga komunidad na pinagmulan at gumagamit nito.

Mga Sanggunian:

Modyul 8 – Wikang Filipino sa mga Isyung Lokal.
https://vle.upm.edu.ph/pluginfile.php/27609/mod_resource/content/1/WIKA%201_Modyul%208%20ANG%20WIKANG%20FILIPINO%20SA%20MGA%20ISYUNG%20LOKAL.pdf

Headland, T. N. (2003). Thirty endangered languages in the Philippines. *Work Papers of the Summer Institute of Linguistics, University of North Dakota Session*, 47(1), 1.
<https://vle.upm.edu.ph/mod/folder/view.php?id=12164>

De Guzman, C. 2018. Ang Pagliligtas sa mga labi ng Ayta Magbukun.
<https://cnnphilippines.com/news/2018/08/31/Ayta-Magbukun-Buwan-ng-Wika-2018.html>

Llaneta, C. (2010). *The Language of Learning: Mother Tongue-based Multilingual Education in Tongue-based Multilingual Education in the Philippines*. The Forum. Volume 11. Issue 2.
<https://vle.upm.edu.ph/mod/folder/view.php?id=12164>

Severino, H. "Don't English Me!" Dokumentaryo. GMA News and Public Affairs. 2009.
<https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/171043/don-t-english-me-documentary-of-howie-severino/story/>